フィリピノ語版

# Balitang Iwas Krimen Tungo sa Kaunlaran ng Bayan

No. 178

Ika-15 ng Enero 2021
Iwas Krimen tungo sa Kaunlaran ng Bayan
Inhilathala ng Lupon ng Mamamayan ng Shizuoka
Kalihim, Dibisyon ng Ligtas na Pamumuhay at Trapiko
TEL：054-221-3715


Disyembre 15-31, 2020

## Pagsasagawa ng「Bukod-tanging Babala sa Katapusan ng Taon」

Isinagawa noong Disyembre 15-31, 2020 ang "Bukod-tanging Babala sa Katapusan ng Taon" na programa para maiwasan bago pa man mangyari ang krimen na kadalasan ay tumaas sa katapusan ng taon.

Upang i-angat ang kaalaman ng mga mamamayan pagdating sa pag-iwas sa krimen, isinasagawa ang gawain ng pagbababala sa lansangan taon-taon sa parehong panahon.

Pinalakas ang pagsasagawa ng babala at paggabay ng pag-iisang pwersa ng kapulisan ng lalawigan, mga lungsod at bayan, mga ahensyang may kinalaman sa seguridad at ng pamahalaang panlalawigan.



Kapulisan sa Tenryu



Kapulisan sa Fujinomiya



Kapulisan sa Fujieda

Ngayong piskal na taon, binigyan pansin ang "pag-iwas bago pa man mangyari ang bawat uri ng krimen tulad ng pagnanakaw at bukod tanging panloloko". Pinagtibay ang pagpapatrol sa mga bangko at convenience store at nakipag-ugnayan sa mga institusyon na may kaugnayan rito para maiwasan ang pinsalang dulot nito.




Itaguyod natin ang mapayapa at mapanatag na bayan!

# Tungkol sa Shizuoka Running Patrol(SRP)

Pinagmulan: HP ng Kapulisan ng Shizuoka

SRP
SHIZUOKA RUNNING PATROL
しずおかランニングパトロール
とは？

Nananawagan sa mga mamamayan habang sabay-sabay na tumatakbo na suot ang orihinal na T-shirt.

## Hangad ng SRP ~Sa ipinakitang iwas-krimen, maging masigla ang bayan~

○Ang pananawagan na may “tagabantay” sa lugar ay makakatulong na iiwasan ng taong gustong magkamit ng krimen ang nasabing lugar.

○Namumuo ang kapanatagan ng loob sa mga mamamayan na may nagproprotekta sa kanila at inaasahan na tataas ang kapanatagan ng loob sa bawat lungsod at bayan sa lalawigan.

○Layunin na magkaroon ng ugnayan ang mga tumatakbo at lahat ng komunidad habang pinagtitibay ang kamalayan ng buong komunidad pagdating sa pag-iwas sa krimen sa pamamagitan ng pagbati at pakikipag-usap sa mga residente.

Ang masayang pagtakbo ay hindi lamang mainam sa kalusugan kundi magandang libangan at epektibong pang iwas-krimen
「1 hakbang 3 ang gamit」
「3 in 1」






Disyembre 23, 2020

Ang Kapulisan ng Shizuoka, Shizuoka Shimbun, Shizuoka Hōsō, Samahan ng Pagtataguyod (Pribadong kumpanya at mga organisasyon) at Pamahalaang Panlalawigan ng Shizuoka ay nagsagawa ng running patrol sa dinaraanan ng mga estudyante ng Paaralang Elementarya ng Ryunan sa Shizuoka City. Ang mga tumatakbo ay pinangalagaan ang mga estudyanteng papauwi mula sa huling araw ng pasok ng taon sa pamamagitan ng pagsasabi ng “Mag-ingat kayo pauwi!”, “Naway maging maganda ang pagtatapos ng taon ninyo”.

## ~Itigil! ang paninirang puri sanhi ng COVID-19!~

- Ang mga tao na nais umiwas sa panganib at pag-aalala pagdating sa hindi nakikitang kalaban (mikrobyo) ay kumikilos na nais iwasan ang diskriminasyon at pagturing bilang kalaban ang mga nagka-COVID-19 at mga nagtratrabaho sa mga pagamutan. Ngunit sila ay nagpapadala sa kanilang damdamin at nauuwi sa pagtuligsa sa mga nagka-COVID 19 at mga empleyado ng mga pagamutan.
- Subalit, ang lubos na pagtuligsa sa sinuman ay huwag dapat gawin. Ang pagtuligsa na nagmumula sa hindi kilalang tao o sa mga hindi matukoy na mga tao ay magdudulot ng matinding sakit sa damdamin, matinding pag-aalala at takot sa mga biktima.
- Kapag ang pinsala dulot ng paninirang puri ay maganap, ito ay maaaring magdulot ng radikal na pagkilos at pagkalat ng kaladalasan ay hindi binibitawan na salita at saloobin.
  Kung kayo ay naging biktima, huwag magtiis mag-isa, sumangguni sa tanggapan ng mga dalubhasa

**Huwag magpadaig sa pag-aalala at pagsikapan natin na ang bawat isa sa atin na taga-Shizuoka ay iisipin ang kapwa!**




**“Manwal ng tanggapan ng konsultasyon“** na tumutugon sa paninirang puri na may kinalaman sa COVID-19.

https://www.pref.shizuoka.jp/kenmin/km-110/stop-madoguchi.html